

*2013 CPMA – Second Prize - Tula*

**ASAL~HAYOP**

*Girimpula | Ganid | Zugunruhe | Oplan Feline |*

*Mga Uod sa Būd Dahu | May Sa-Guimaras | Kabra*

*| Banal na Baka, O Hindi Banal Kundi Martir |*

*Mga Layak | Halaan | Duguang Kalapati | Si Mali | Kamandag*

*“Mangagsasakbat ng sandata at kayo po ay babakahin.”*

- Asalhayop

*(Kahapon, Ngayon, at Bukas ni Aurelio Tolentino)*

## GIRIMPULA

Sa tuktok  
ng hugis-barkong  
bubong

na nilingkisan ng tansong dragon,

dumapo  
ang banoglawin;  
pagakpak

ng bagwis ay itinutulak ng hangin.

At gayong  
marupok ang alulod,  
pirming

balantok sa nanunuwag na unos.

## GANID

Bantog ang bangis ng ganid sa kabundukan:  
nakagigilit ng leeg ang titig.

At ang talas  
ng pang-amoy ay kayang tumalunton ng samyo

ng dugo, laway, o pawis na kumapit sa mga dahon at sanga;  
nadilig sa lupang alabwab o bagbag

milya-milya man ang layo  
ng sasagpangin. Nasinghot niya ang singaw

ng katawan, ang hingal na naiwang  
bumubuntot sa hangin.

Nakapanghihina ng tuhod ng mailap na hayop  
ang gabing may himno ng tambaw.

At pamumutian ng sakong ang usa o baboy-ramong  
aabutan ng angil

ngunit hindi na makasisibad  
sapagkat mabilis na sumisikmat

ang ganid, ginugutay ang puntirya  
hanggang ito ay mabuwal.

Iyong pagsabsab ng ganid – walang patawad –  
ang siya ngayong maiiwan

sa malay ng mga bumaba sa patag –  
walang pakundangang pagluray; makahayop na dahas.

## *ZUGUNRUHE*

Hindi lamang pulso ang humahaplit  
sa loob ng aking katawan.  
May mga mumunting kalabit –

granahe sa kapwa-granahe  
tulad ng sa banyagang orasang  
nakapulupot sa iyong pulsuhan.

Bawat duklay ng aking mga kamay  
ay sagwang itinabi sa silungan  
na ibig gumaod sa kimpal ng dilim

upang saksihan ang pag-ibabaw  
ng mga nokturnong isdang magpapalambat  
sa lamig ng liwanag ng salambaw.

Nakakintal sa sanghaya ng balaklaot  
na umaahon sa dalampasigan  
ang anyayang isawsaw ko sa tubig

ang gulugod ng aking bangka  
at tawirin ang milya-milyang dagat  
hanggang sa makarating

saan mang dalahikan  
kahit maunos ang pagtugpa  
o mamamad ang balat.

Narito ako, bawat himaymay at buto,  
bawat dantay ng malakuko kong hininga,  
tumatalima sa balani ng mundo.

Walang salakab o bingwit  
na magsasalabid sa alimbukay  
ng simbuyong umaalimpuyo.

## OPLAN FELINE

### I

Mga abuhing itik ang nakapaligid sa mangkok ng mga tinik; nagsilipad nang mabugaw. Lupaypay na ang mga hubad na ayungin nang malantad sa tanglaw ng mapanglaw na laytbalb. Iyong alam mong sitsit sa liblib na madilim, iyon ang tanging nangibabaw. Walang halinghing ni Muning.

Sa talipapa, pagkatapos maibaba ang mga pinagbibiling uling, naitaya ito ng matatanda: Tatlong pusa na ang nawawala. Pito, idagdag pa ang mga alaga ng taga-kabilang baryo. Dumaan sa kanilang harapan ang isang trak ng militar.

### II

Natagpuang nakabulagta ang mga pusa sa pampang ng ilog – may sapot na supot ng plastik ang mga ulo. Sa di kalayuan, nambulag sa sinag ng araw ang dalawang basyo ng Red Horse. May bahid ng banlik ang nagkalat na mga balat ng Marlboro at Halls.

Paglubog ng mga luksang araw sa likod ng bundok, hindi na mga pusa ang nangawala kundi mga ama, ina, mga anak. Nakaantabay na sa pampang ang mga kapamilyang naiwan, naghihintay na maibalik sa dalahikan ang mga nawawalang katawan.

## MGA UOD SA BŪD DAHU

"*Būd Dahu' tempat sin atay-punud*"  
(Bud Dahung puntod ng magigiting)

- *salin sa Tausug ni Benj Bangahan,*  
*mula sa awit ni Mehol K. Sadain*

Akala ng marami, nakatanim  
kaming mga endoparasito  
sa interyor ng tao – lumilitaw

sa sandaling malapok  
ang mga labî ng may-katawan.  
Bata-batalyong sanggano!

nag-uunahang makibkib  
ang kinikiwalang litid at himaymay  
sa naaagnas na dulang.

Malugod naming tinatanggap  
ang luray na lalang  
na para bang humihimod

ng pulot – hindi alintana  
ang alingasaw. Sariling buhay  
itong aming dinurugtungan

kaya paumanhin kung tingin namin ay piging  
ang nakahain  
sa sulyaw ng bulkan;

kaya akala namin ay sinadyang  
wakwakin ang mga bangkay  
ng isang libong Tausug –

pagkat sanggol kami kung kumain  
at sanggol kaming di-mapaghanap  
ng tarong.

## MAY SA-GUIMARAS

Yaong along  
umaahon,  
dilang-alat.  
Iniimis  
pagpalikpik,  
umiilag.  
Talusaling  
at mailap.



Nagsisi-dekolores  
yaong mga korales.  
Opera ng pagtangis?



May tuyot na bagabag  
galing sa hanging-dagat.  
Ang sutsot ay malat.



Bitak-bitak.  
Iyong mga balat, bitak-bitak.  
Lumba-lumba at balyena  
ay nagsisipalag.  
Talaba at halaan  
sing-itim ng alkitran  
iyong dinarahak.  
Nayatyat na sa burak,  
gubat ng bakawan.



Iyong bapor-buwaya  
langis ang ibinuga.  
O lasong sakdal-kinang,  
yumapos na sa pampang.



Kamandag  
ay hulmang  
mansanas—  
o mangga?

## KABRA

Masama na naman ang tingin sa akin  
ng aking amo. Nagkalat ang mga basyong  
boteng lapad at bilog sa paligid ng gumegewang na mesa.  
Sa ibabaw, ang platito ng tira-tirang pulutan,  
pinagpipistahan ng mga langaw. Simot na simot  
maging ang pinagpigaan ng kalamansi.

Hindi ko alam kung sino sa mga kabron  
ang ginawang kaldereta o sisig.  
Mula rito sa abandonadong kubeta kung saan ako nakatali  
hindi ko matanaw ang kural. Nauulinigan ko lang  
ang ungot ng aking kabrito at kabrita  
na nasanay na sa pagnguya ng damo  
samantalang kumikitib pa ang aking mga suso.

Mamula-mula ang mga pisngi ng aking amo.  
Nakabulagta siya sa isa sa mga bangkito  
kung saan siya madalas masadlak kapag inaabutan  
ng sikat ng araw. Ni hindi maalimpungatan  
sa tilaok at pagaspas ng mga tandang.

Ngunit ngayon, ang kanyang titig ay may lamang  
pananabik. Kaya iniwas ko sa kanya ang pungay  
ng aking mga mata. Hindi ko kasalanang maakit  
ang sinuman sa nakatikwas kong mga pilik:  
isang birtud, ginagamit pang pangiliti; isang sumpang  
kinakasangkapan nang maabot  
ang kasukdulan ng pagtatalik.

Hindi ko gusto ang kanyang mga titig.  
Matagal na siyang iniwan ng kanyang asawa at mga anak –  
ilang ulit siya noong nahuling nakaakbay  
sa samot saring tsitsing, papasok sa entrada  
ng patakbuhing otel; o habang humahabhab ng pansit.  
Nakikita ba niya sa akin ang mukha ng kanyang kabit  
na nagtaksil? sa aking balbas  
tulad ng kanyang huling babae na may bigote?

Namukhaan ko ang babae. Sa hilatsa nito sa dilim.  
Hindi lang miminsang ginawa nilang paraiso

ang kubeta. Nagulat pa ito nang marinig akong suminghal.  
Hindi natiis noong una ang aking mga sulyap at titig.  
“Kambing lang ‘yan,” kalma ng aking amo. “Kambing ‘yan!”  
sagot niya. “Hindi ‘yan mausyoso.” “Kahit na. Ayoko rito! Maanggo!”  
Hindi ko alam kung ang baradong inodoro ang tinutukoy  
o ako. O ang aking among nakagisnan nang mag-alaga  
ng kambing kaya kumapit na ang anghit  
sa silakbo ng kanyang balat.

Tanda ko pa kung saan namugad ang mukha ng kabit,  
ang galaw ng kanyang anino. Kung paano niya pinagala  
ang dila sa dibdib ng aking amo. Kung paano siya sumunod  
sa utos nito, “Ganyan. Ibaba mo pa.” Kaya gumapang siya sa pusod  
hanggang sa ibaba ng pusod. Doon kung saan nangintab  
ang pawis ng panginoon, kung saan pumalot ang kanyang panghi.

Ngayon, wala na ang kabit. Hindi magtatagal, ako naman  
ang siyang mamamaalam. Sa singasing ng talim ng itak na lalagok  
sa danak ng dugong sisirit sa aking leeg na sasabayan ko ng hiyaw  
ng pagmamakaawa hindi para sa halaga ng aking buhay  
kundi dahil sa udyok na dulot ng kirot at sindak. Sa susunod,  
ako naman ang ibibigti sa puwesto ng kambingan  
kahilera ng aking mga kabagang na tulad ko ring nilapa ang tiyan,  
pinagpipistahan ng sangkaterbang bangaw  
ang nakabilad na tadyang. Ni hindi man lang kami  
binigyan ng pangalan.

Samantala, papalapit sa akin ang aking amo, bumubulong-bulong  
ng kung ano. Nalalanghap ko sa kanyang balat  
ang dahas ng mundo.

## BANAL NA BAKA, O HINDI BANAL KUNDI MARTIR

1

Bumaha sa Taytay. At madalas bumaha  
sa Taytay kaya akala ng mga miron  
ito ay karaniwang araw.

Nang malaman nilang inanod  
sa estero ang isang baka,  
nasagi ng awa ang kanilang katawan.

Hindi nila inalam kung nalunod  
ang baka o nagpatiwakal.

2

Buong buhay ng baka lumuhod siya  
sa amo ng kanyang mga magulang.

Tinanggap niya ang relihiyon ng kolonya.  
Sa mga mata niyang bahagyang bulag sa suga,  
diyos ang nagkabit sa kanya ng tagikaw.

3

Kasamang inanod ng baka ang isang ahas.

4

Hindi na nila nalamang nagpakiwal-kiwal  
ang ahas sa mga awang, sa ibabaw,  
ng umaalimbukay na basura

*na ang ilan ay naghihintay na matunaw  
at ang ilan ay nagnanasa ng pagkatunaw.*

Doon na ito nangisay at lumutang.

5

Marami ang nahabag sa balita ng bakang tinangay  
ng ragasa, gayong hindi nila ito namalas.

Gayong hindi nila alam kung lumayas  
ang baka nang gabing umuwing susuray-suray  
ang kanyang amo.

Maaaring dinuldol siya sa nalapok na damo,  
ipinalapa ang kanyang binti sa naulol na aso,  
hinayaan ang kanyang guya ay matangay ng estero.

Maaaring hindi siya tumakbo nang kalagin  
ang kanyang tali.

“Hindi matador ang aking diyos.”  
Kaya, pakiwari niya,

ayos lang.

6

Hindi pinansin ng taumbayan  
ang bahang lumalamon sa lungsod.  
Akala nila ito ay karaniwang  
araw.

Ang baha ay huhupa.

Pero hindi para sa baka.

## MGA LAYAK

Lansa ng hininga  
ng naaagnas na basura

ang kaulayaw ng rumorondang  
kalabaw na mga langaw.

Isang paslit ang nakapulot  
ng kinalbong manikang

nakangiti, walang saplot,  
nanlilimahid sa banlik.

Apat na ulo ng kambing  
ang nangawala sa bunton

ng namumuwalang mga plastik.  
Bituka ng isda ang nakaluwa

sa isang supot na punit.  
Nagsisiyesta ang mga pusang

hahalukay, hihimay  
sa nakahandusay na mga tinik.

## HALAAN

Bawat halaan ay sumisilang sa daigdig na isang lalaki.  
Gayundin, ang pinakamatandang hayop  
na natuklasan – ang Matusalem  
ng kaharian ng Metazoa – ay isang halaan,

apat na raan at limang taong gulang – batay sa bilang  
ng umulyaw na mga paha sa kanyang kabibe –  
nang saklutin sa pusod ng karagatan.  
Ngunit dagli ring pumanaw matapos mawalay  
sa kanyang lungib. Sa anong dahilan: *ila? kamingaw?*  
Mga salitang hindi ko pa noon maintindihan.

*Ming* ang ibinigay sa kanyang pangalan.  
Tukayo ko pa.

Gusto ko itong isingit sa aking inang nagsalang sa kaserola  
ng isang kilong halaan; nilahok sa ginisang bawang, sibuyas, at luya.  
Bilin niya sa akin bago balikan ang kanyang labada: “Ming,  
antayin mong kumulo ang sabaw.  
Hanguin mo ang mga hindi bubuka.”

“Bakit po?” urirat ko kay ina.

“Dahil wala silang kuwenta,” sagot niya

na sinalo ko ng isa pang *Bakit*.

“Dahil patay na sila.”

*Wala silang kuwenta.*

*Wala silang kuwenta dahil patay na sila.*

– mga katagang umiikid sa utak ko  
habang pinagmamasdan ang pagdiwalwal ng mga halaan.

Naalala ko: May kapangyarihan ang halaang magbago ng kasarian  
kung kanilang nanaisin. Ngunit sa sandaling magpasiyang maging  
tunay na babae, hindi na maaaring bumalik sa dati.

Ay! Ang lualhati ng pagpapalit-anyo!

Ang gahum na humirang sa sariling katauhan!

Ngunit nang makitang kumukulo ang tubig, nakaligtaan ko na ang mga gusto kong sabihin kay ina.

Hinango ko ang mga hindi bumuka.  
Inihiwalay ko ang mga hindi bumuka.  
*Wala silang kuwenta dahil patay na sila.*

Magbabalik ang lahat sa sandaling ako mismo ang magpasiya ng sarili kong pagbabagong-kulay at ilahad kay ina ang tinahak kong buhay sa iral at asam ng mga halaan.

## DUGUANG KALAPATI

Sumandaling tumigil ang munting mukid  
para lingunin ang tinakasang palumpong –  
kumaluskos ang mga siit at tuyong dahong

tiwalwal sa paanan ng lunduyang Diwalwal;  
nangilabot ang ibong sarikulay ang balahibo,  
kumarimot tulad ng manok na pugot ang ulo.

Batid niyang sanlaksa na ang sumasabsab  
sa kabundukang hindi maliparang uwak  
mula nang matuklasan itong nagdadalang-bulawan.

Maagap siya sa yabag ng mga abantero at atrasero,  
sa dagundong ng mga ipinuslit na trosong  
binabatak pababa sa tarik ng bulaos.

Matiwasay noong nananahan sa libis at lambak  
ang minulan niyang kawan:  
masiglang sumasalimbay sa alapaap;

sumisisid sa yakap ng ulop at mga ulap.  
Hanggang sa matuklasang ang lahi ng tao  
ay maninilang mabangis sa lahat.

Mula noon, ang kawan ay hindi na lumipad  
nang matayog; nagpasuling-suling sa dawag  
para dugtungan ang kanya-kanyang buhay.

Ngunit hindi nagawang ipagwalang-bahala  
ang palahaw ng tinatahaw na kakahuyan.  
Abot-langit ang hapis na nalikha

ng karuwagan na nakintal  
sa dibdib ng lahat – isang sumpa  
ang tanda ng pagdurugo

na para bang sinaksak sila roon ng punyal.  
Sa sandaling iyon ng pagtigil at paglingon,  
narinig ng mukid ang mga dayaw.

Sa simula ay banayad tulad ng pagsipol  
hanggang maging isang aguy-oy;  
sabay-sabay, angaw-angaw.

## SI MALI

*Sri Lanka, 1974*—Lumagitik ang mga alipato  
ng sumiklab na protesta sa kalsada ng Jaffna  
nang tangkaing sugpuin ng rehimen.  
Nanuwag ang mga live wire  
at siyam na militante ang nasawi  
sa kamay ng anti-riot police.

*Sri Lanka, 1974*—Mula sa kung saang dawag,  
isang batang elepante ang dinukot  
tulad ng kapayapaan  
mula sa aruga ng kanyang ina;  
ikinahon at ikinadena;  
itinawid sa karagatan para ilagak  
sa Manila Zoo at libangin ang mga nagbayad.

Tamang edad ng pagpapaamo—  
bisig ng paslit ang bulalay  
na naghahanap pa ng aakay.  
Ni hindi pa tinutubuan ng pangil  
ang guya nang ipuslit sa bansa, pinangalanang  
*Mali* o 'barat' sa Tamil,  
dahil laksa o labis-labis ang kanyang lahi,  
tulad ng raw materials at surplus sa minulang bayan.

Mapalad daw si Mali at napadpad sa kanlungan  
ng mga kinolektang hayop.  
Star attraction ng zoo, dinarayo  
ng mga bata at may batang puso.  
Pumupugnaw sa pangungulila  
sa nalipol nating mga gadja.  
Pumapawi ng pagod, nagbibigay-lugod  
at ngiti sa mga labi ng manunuod.  
Kung magagawa ngang magbalanse  
sa gumugulong na bariles  
tulad ng payaso sa karnabal,  
buwis-buhay siyang sasabak.

Mapalad daw si Mali at nasa kalinga  
ng pumapala ng awa sa kaban ng kawang-gawa  
ng mga socialite, politiko, at technocrat.

Hindi tulad ng mga kalahing nasadlak  
sa kayod-kalabaw na pagbatak ng troso  
at pagsusumamong mahagisan ng barya  
ng bawat makasalubong na estranghero sa kalsada.  
Ng mga elepanteng pumasan  
ng mga bagahe at sandata;  
ginutom at inulol  
nina Phyrus at Hannibal,  
Gaozu at Alexander;  
isinubo sa kompo ng kaaway  
para pulbusin ang kanilang tapang  
at lasugin ang buto ng kanilang mga kabayo at kawal.  
Ng mga elepanteng nilapa sa katayan  
para pakanin  
ang industriya ng garing.

Walang muwang si Mali sa karahasang  
iniwan sa lupang sinilangan.  
Walang mga labi ng nasawing kalahing maililibing,  
walang libingang aalayan ng bulaklak.  
Nakapagsupling sana roon sa gubat  
at naisalin ang ilahas na karunungan:  
kung aling katas ng dahon o ugat ang mainam  
panambal sa kagat  
ng insekto at nabilad na balat.  
Hindi para maghintay ng alok  
na ilang pirasong maning tutukain sa palad  
ng kung sinong nang-uudyok,  
magtiis sa salbaheng manunumpit  
na naroon para tangkaing ibalik  
ang kinapong sariling dangal.

Layang binansot ang pagpasok  
sa makipot na espasyo – nitso ang niche  
na hangganan ay hindi ilog o bundok  
kundi sementadong bakod at usyoso:  
higit pa sa reclusion perpetua  
na ipinapataw lamang sa halang ang bituka.

Malayo na ang alaala ng Sri Lanka, 1974:  
ang marahas na alaala ng Jaffna; ang ilahas  
na murang alaala ng buhay-gubat.

Ilang ulit na sigurong nanabik ang elepante  
sa halimuyak ng sasapit na kamatayan.  
Ngunit hindi magmamaliw  
ang giliw at gayuma  
ni Mali na ang pangalan sa matandang Sanskrit  
ay bumukadkad na jasmines.

## KAMANDAG

Payapang namamahinga ang ga-brasong sawa  
sa malamig niyang lungga,  
nakaikid ang katawan na para bang yakap-yakap ang sarili  
o ibig ipaglimang ang mga berdeng brilyanteng  
batik-batik sa madulas at makislap niyang kaliskis.  
Dala ba niya ang sumpa sa serpiyente  
noong sinauna – ng matandang ahas  
na luminlang sa unang tao at nagnakaw ng kanilang inmortalidad?  
Sa sentro ng sementeryo siya namugad;  
nagpayakap sa mga ugat ng punong naga.  
Tuwing madilim lamang lumilitaw tulad ng isang pugante  
para mamuntot ng lamang-tiyan at sumabay sa sayaw  
ng mga hayop at halaman sa saliw ng dayuray ng hangin.  
Sapagkat turing sa kanya ay kaaway  
ng mga mangmang na akala ay tutuklawin sila sa sakong;  
ng mga hindi makakilala kung alin ang sawa, dahong palay,  
ulupong, o hinyayango. Lahat ng reptilyang gumagapang  
ay *ahas*: nanlilingkis at nananagpang.  
Lahat ng ahas ay makamandag, sa gubat man o patag.  
Sa tribung humuwad sa kidlat sa linikhang mga pana at sibat,  
kakambal ng tatag ng loob ang pusok.  
Kaya nakatayang maging bantog ang sinumang darampot  
sa ahas na para bang pumupulot lamang ng bahag  
at ang kawawang hayop ang siyang pagbubuntungan  
ng poot sa lahat ng panghihinayang at kabiguan ng sansinukob.  
Katakot-takot na panggigiyagis ang siyang inaabot  
ng ahas. Naroong pagpistahang balatan nang buhay;  
yinayantok sa magkabilang tungki; pinagkukumpisal  
kung saang sukal iniwan ang niluwang karbungko;  
pinatatagas ang dugo habang tumitibok pa ang puso  
sa paniwalang elixir itong mabisa para talaban ng tapang at libog;  
ginagawang katad na pitaka, bota, at sinturon;  
inaadobo at piniprito tulad ng manok; ginigisa  
sa tungyaw tuwing may nangingisay na pusong o sanggol.  
Ngunit ang ahas na ito na malaon nang naitaboy  
sa pinamamahayang gubat ay wala  
ni gapatak mang kamandag.  
Sa halip ay nagpaampon sa kanlungan ng mga patay,  
nanghuhuli ng mga dagang peste sa palayan.  
Sumasagitsit ito habang kumikiwal,

inaawit ang epiko ng kanyang angkan  
na bumaba sa bundok at tinawid ang mga ilog  
para iwasan ang umaakyat na dahas ng kabihasanan.  
Masinop siyang naghuhunos  
nang hindi matagpuan ang pansamantala niyang lunduyan  
sa sentro ng pantiyon ng kanyang mga kaaway,  
sa mga libingang kanila na ring binabahayan.